



## **RESOLUSYON SA MGA PANDAIGDIGANG PAMAMARAAN PARA SA INDUSTRIYA NG DAMIT NG WORKERS UNITED-SEIU**

KUNG SAAN ang industriya ng damit ay kabilang sa mga pinakaglobalisadong industriya, at karamihang inilabas mula sa United States at Canada ang paggawa ng mga damit sa mga nakaraang dekada, kabilang ang pagkawala ng milyon-milyong trabaho; at

KUNG SAAN ang mga natitirang trabaho sa U.S. at Canadian na industriya ng mga damit ay nasa mga sektor ng pamamahagi at retail, habang ang paggawa ng mga damit ay nakikilala sa mga mapang-abuso at mapang-aliping kundisyon sa mga pinakamahihirap na bansa sa Asia, Latin America, at Africa, at

KUNG SAAN ang Workers United-SEIU ay kumakatawan sa daan-daang libong manggagawa ng paggawa ng damit sa loob ng maraming dekada, at naging nangungunang kaakibat ito ng IndustriALL Global Union at ng ITGLWF na nauna rito; kumatawan sa libo-libong manggagawa ng pamamahagi ng damit na nagtatrabaho sa mga kilalang brand at retailer, at sa mga nakaraang taon ay matagumpay na nagsaayos ng maraming mahahalagang sentro ng pamamahagi ng damit; at

KUNG SAAN, ang Workers United-SEIU ay nananatiling naninindigan sa misyon ng mga nauna ritong Unyon, ang International Ladies Garment Workers Union at ang Amalgamated Clothing and Textile Workers Union; para mag-organisa ng mga manggagawa sa industriya ng mga damit, sa ating Unyon sa North America at sa mga kasaping Unyon sa buong mundo; at

KUNG SAAN ang isa sa mga pinakamahalagang pamamaraan sa pagsuporta ng mga manggagawa sa mga sentro ng pamamahagi ng mga damit na naghahangad na mag-organisa ay ang suporta sa pagkakaisa ng mga unyon sa mga bansang gumagawa ng damit, na karamihan ay mga kaakibat ng IndustriALL Global Union, at sa kanilang pakikibakang harapin ang mga mapang-abusong employer at mga hindi ligtas na mapang-aliping kundisyon, inilalantad nila ang mga ganoong kundisyon at ang pakikipagsabwatan ng mga brand at retailer na kanilang pinaggagawan ng damit; at

KUNG SAAN ang suporta sa pagkakaisa ng Workers United-SEIU para sa mga manggagawang iyon at kanilang mga unyon, sa pakikipagtulungan sa IndustriALL Global Union, ay isang malaking hakbang sa pagbuo ng pandaigdigang pamamaraan para iorganisa ang mga supply ng mga brand at retailer ng damit at mga distribution chain, kabilang ang mga US at Canadian na pasilidad nito; at

SAMAKATUWID, NAPAGPASYAHAN ANG SUMUSUNOD: Na bibigyang-prioridad ng Workers United-SEIU ang mga pagsisikap na magsulong ng at makilahok sa mga pandaigdigang pagkakampanya ng IndustriALL Global Union at mga kasapi nito na iorganisa ang mga chain ng supply at pamamahagi ng mga pangunahing brand at retailer ng damit, kabilang ang mga nasa USA at Canada.

22 S. 22<sup>nd</sup> Street, Philadelphia, PA 19103

Telepono: 646-448-6414

Fax: 215-575-9065

[www.workersunited.org](http://www.workersunited.org)

Hulyo 7, 2020